



Ika-15 ng Mayo, 2020

Malayuang Sulat-Liham Para sa Kaalaman ng mga Magulang, ika-7 Isyu

Dibisyon ng Suportadong Pag-aaral ng Ingles
Kagawaran ng Edukasyon ng California

Isang Liham mula sa Kagawaran ng Edukasyon ng California (CDE)

SA MGA MAGULANG,

Kada linggo ang sulat-liham ay nakatuon (focus) sa iba't ibang tema at nagbibigay ng mga inormasyon at mga tulong sa mga magulang tungkol sa nasabing tema.

Sa linggong ito, ang tema ay Matematika. Ang pag-aaral ng Matematika ay nangangailangan lamang ng pagsasanay (praktis) o ensayo at positibong pananaw. Ang dalawang bagay na ito ang mahalaga para maging matagumpay ang pag-aaral ng Matematika. Ayon sa First 5 California, ang matematika ay nasa ating mga paligid lamang kung kaya, mula sa pagiging sanggol ito ay natutunan na. Ang paggawa ng mahahalagang karunungan sa buhay na ito ay nagsisimula sa maagang bahagi ng buhay at hindi dapat katakutan. Ang Matematika ay pang-araw-araw na bagay, simple at higit sa lahat, masaya!

Ang Anim na Dapat Gawin ng Mga Pamilya at Mga Bata Tungkol sa Pag-aaral ng Matematika

1. Maging positibo
2. Iugnay sa pang-araw-araw na gawain ang Matematika
3. Gawaing masaya ang pag-aaral ng Matematika
4. Aralin ang mga kursong may kinalaman sa Matematika
5. Maging malawak at malaki ang pang-unawa sa mga anak
6. Suportahan ang mga anak sa kanilang gawin - huwag ninyong gawin ang kanilang aralin

Mga Bagong Labas na Tulong at Inpormasyon

Mga Bagong Tulong/Kaalaman sa Matematika para sa mga Magulang at Tagapag-alaga (CDE)

Ang web page na ito ay mula sa CDE at mayroon itong mga inpormasyon at tulong para sa mga magulang at tagapag-alaga. Ito ay nagpapaliwanag ng mga paraan ng pagtuturo ng Matematika sa panahon ngayon at nagbibigay din ng mga suhestyon o mungkahi kung paano masuportahan ng matagumpay ang pag-aaral ng mga bata.

CDE Mathematics Resources for Parents and Guardians web page at

<https://www.cde.ca.gov/re/cc/mathinfoparents.asp>

Ito ay isang web page na kung saan ay kasama ang isang pahina na idinadagdag ang matematika sa karaniwang aralin

Ang web page ng First 5 California Early Math ay palagiang kasama ang Matematika. Ayon sa First 5 California, palaging tatandaan na ang maagang pag-aaral ng mga numero ay nagsisimula sa mga laro ng mga bata, dahil ito ang madaling nilang matandaan. Madaling maisali ang Matematika sa mga bagay na ginagawa sa araw-araw. Nagbibigay din sila ng mga suhestiyon o mungkahi sa mga magulang para masuportahan ang mga bata sa pag-aaral nila ng Matematika. Ang web page na ito ay mayroon din para sa Espanyol. I “click” lang ang “Espanyol” sa sulok sa itaas para mabago ang salita.

First 5 California Early Math: Pagsama ng Matematika sa mga araw-araw na web page

<http://www.first5california.com/learning-center.aspx?id=30&sub=147>

Ang Maagang Proyekto sa Matematika

Ang website ng Early Math Project ay nagbibigay ng mga inpormasyon sa mga magulang at tagapag-alaga ng mga bata simula sa edad 0 – 3. I-klik lamang ang edad o ang grado ng bata para malaman kung anong aralin ang nararapat na ibigay, at kung

paano matutulungan sa mga araling Matematika. Ito ay maaring ayon sa klasipikasyon, hugis, sukat o iba pa.

Early Math Project website at <https://www.earlymathca.org/>

Samahan ng mga Guro at Magulang (PTA), Mga Mapagkukuhanan ng Pamilya ng Tulong sa Matematika

Ang PTA ay malaki ang naitutulong para malaman ng mga magulang kung paano at bakit itinuturo ang Matematika sa mga bata sa panahon ngayon. Ang tulong na ito, kasama ng iba pang ibang tulong ay nakatuon sa maraming paksa tulad ng pagbasa at pagsulat, paghahanda sa paaralan at pagtulong sa mga kabataan na maging matagumpay sa mataas na paaralan. Ito ay maaaring ding makuha sa Ingles at Espanyol.

Tulong sa Ikatagumpay ng Inyong Anak sa Mga Mahalagang Bahagi ng Pag-aaral <https://www.pta.org/home/family-resources/Family-Guides#6>

Mga Mahahalagang Inpormasyon Linggo-Linggo

Inpormasyon tungkol sa Pagkain sa Paaralan

Puwede pa ring kunin ng mga magulang ang pagkain ng mga bata sa paaralan sa panahon na ito ng COVID-19. Gamitin lamang ang “CA Meals for Kids” mobile app para malaman kung saan puwedeng kumuha o maaaring kontakin ang school district para sa karagdagang inpormasyon. Ang ibang distrito ay nagbibigay ng home delivery. Kailangan lamang kontakin ang paaralan para malaman kung puwede ito.

CDE News Release: CA Meals for Kids App Update at <https://www.cde.ca.gov/497627>

Pagkuha ng Internet

Kung wala kayong internet sa bahay, mayroong mga kumpanya na nag-aalok ng kanilang serbisyo sa mga pamilya. Kailangan lamang na kontakin ang mga kumpanyang ito para mapag-usapan ang mga plano nila.

Getting Internet Access: Available Plans at <https://www.cde.ca.gov/498321>

Mga Tulong sa Pag-aaral sa Sariling Tahanan

Narito ang ilang mga rekomendadong tulong na libre at maaaring gamitin sa inyong mga anak sa bahay o maaari rin namang gamitin nila para sa kanilang sarili.

Maagang Tulong sa Pag-aaral

Matematika Bago Matulog

Maraming maaaring gawin ang mga bata bago matulog na magagamit ang Matematika. Kasama dito ang oras ng paghahanda at bilang ng mga bagay na kailangan. Ito ay para matuto ang mga batang bumilang at magustuhan ang Matematika. Maaaring pumili sa Daily Math and Games at Home o idownload ang apps (Bedtime Math for Children ages 3-9 or MiniMath for children getting ready for kindergarten) at dalhin nila kahit saan. Ang website at apps na ito ay para sa mga bata mula bago magkindergarten hanggang idad 9.

<http://bedtimemath.org/fun-math-at-home/>

Pagtatalakay at Pananaliksik sa Maagang Edukasyon sa Matematika

(DREME) Maagang Gamit sa Matematika

Children's Math Skills During Coronavirus and Beyond from Stanford University ay maaaring makuha sa Ingles at Espanyol at mayroong kasamang mga dagdag para maisama ang Matematika sa kuwento. Mayroon din itong mga tulong para isama sa pagluluto, pagkain at pati na ng paglalaro na maaaring makatulong sa kakayahan sa Matematika. I-klik lang ang “disponible en espanol” para mapalitan ang pahina. Ang gamit na ito ay tamang-tama para sa mga pamilya na mayroong mga bata.

<https://bit.ly/DREMEmathkit>

Mga Tulong para sa Kindergarten hanggang ika-8 grado

Mga Kasamahan sa Kurikulum: Suportado ang mga Mag-aaral na Malayo sa Paaralan, mga Tulong sa mga Guro at Pamilya

Kasama sa web page na ito ang mga pakete ng gawain na maaring maimprenta sa bahay para sa bata mula sa kindergarten hanggang sa ika-8 grado. Ang bawat pakete ay makakatulong para mabuo sa kaisipan ng mga bata na kahit na nasa malayo sila ay matututo rin sila. Ang tulong na ito ay puwede rin sa Espanyol. I-klik lang ang “Accesar guia para familias en espanol” para makuha ang tulong at gawain sa Espanyol.

Mga Kasamahan sa Kurikulum: Web page ito ng mga Sumusuporta sa Mga Estudyanteng: Malayo sa Paaralan, Guro at Pamilya

<https://bit.ly/CurriculumAssociatesMath>

Social Media at Email

Para malaman ang lahat ng mga bagong kaalaman at inpormasyon, sundan lamang ang CDE English Learner Support Division sa Twitter [@MultilingualCA](https://twitter.com/MultilingualCA).

Para magsubscribe sa English Learner Updates Listserv, Magpadala lang ng blankong email sa

join-english-learner-updates@mlist.cde.ca.gov.